



[Customer Name]
[Address Line 1]
[Address Line 2]
[City, State, Zip Code]

RE: Ang Orange County Power Authority ang iyong magiging bagong provider ng renewable na enerhiya at ang magpapatuloy sa iyong Programa sa Net Energy Metering na may mga enhanced na credit.

Minamahal na Kapitbahay:

Simula sa Oktubre 2022, Orange County Power Authority (OCPA) na ang iyong magiging lokal na provider ng renewable na enerhiya. Ang OCPA ay isang independent na not-for-profit na provider ng Community Choice Energy (CCE), na naghahatid sa mga negosyo at residente ng mas malinis na enerhiya sa mga competitive na rate. Bilang mahalagang bahagi ng aming hangarin para sa kinabukasang mas malayo sa sakit, sinusuportahan ng OCPA ang aming mga customer na naglagay ng mga system ng renewable na enerhiya sa kanilang mga tahanan at negosyo.

Noong 2002, nag-imbita ang lehislatura ng California ng mga lungsod at/o county para mag-procure ng kuryente para sa mga customer na nasa mga kaukulang huriskdiksyon. Sa pagsama sa milyun-milyong Californian na nakikinabang na sa mga programa ng CCE, dadalhin natin ang ating komunidad sa mas sustainable na kinabukasan, kung saan tayo ay magiging mas matatag, independent, at malayo sa sakit.

ANG KAPANGYARIHAN NG COMMUNITY CHOICE ENERGY:

- Mas malinis na kuryente sa mga competitive na rate
- Pag-reinvest ng kita sa iyong komunidad
- Lokal na kontrol ng mga lider sa komunidad

Sa oras na ilipat ang iyong (mga) account ng serbisyo sa Orange County Power Authority, magtutulungan ang SCE at OCPA para patuloy na maibigay sa iyong (mga) account ang serbisyo sa Net Energy Metering (NEM) Sa arrangement na ito, SCE ang magiging responsable para sa mga singil at credit sa serbisyo sa paghahatid ng NEM, at OCPA ang magiging responsable para sa mga singil at credit sa pag-generate ng NEM. Magtutulungan ang SCE at OCPA para matiyak na walang duplicate na singil sa iyong bill; sa SCE mo babayaran ang iyong bill gaya ng dati.

Ang rate ng Net Surplus Compensation ng OCPA para sa iyong sobrang net generation kWh ay 10% mas mataas kaysa sa rate ng SCE noong Abril.

Ang pag-enroll sa serbisyo ng OCPA ay walang epekto sa kasalukuyan mong iskedyul ng rate, pati sa mga legacy na rate o na-grandfather na programa gaya ng NEM 1.0 o NEM 2.0.



Pinapadali ang access sa renewable na enerhiya.

Bumibili ang OCPA ng renewable na enerhiya at ipinapasok nito iyon sa grid, habang patuloy na inihahatid ng SCE ang kuryenteng iyon at minementina nito ang mga linya. Nililinis lang namin ang grid ng kuryente para magdagdag ng mas malinis na kuryente sa mga linya para sa iyo.

Makikinabang ang mga customer ng NEM ng Orange County Power Authority mula sa mga sumusunod:

- Ang programa sa NEM ng OCPA ay katulad ng kasalukuyan mong programa sa NEM at may karagdagang benepisyo na pagpapalit sa malalaking bill sa iyong taunang true-up ng buwanang pagsingil.
- Kung mas malaki ang makokonsumo mong kuryente kaysa sa mage-generate mo, makakakita ka ng buwanang singil sa iyong bill. Makakatulong ito sa iyong ibadyet ang mga gastusin sa kuryente buwan-buwan sa halip na isang beses sa isang taon.
- Ang mga credit sa net generation na maa-accrue sa panahon ng pagsingil ay itatabi at gagamitin para i-offset ang anumang singil sa pag-generate sa mga susunod na buwanang bill. Ang buwanang credit mo ay magiging kapareho ng rate sa retail na sisingilin namin sa mga customer na kokonsumo ng kuryente sa parehong buwan.
- Tuwing Abril, itu-true up ng OCPA ang mga miyembro ng NEM. Ang mga customer na makakapag-generate ng mas malaki kaysa sa makokonsumo nila sa buong taon ay babayaran para sa sobrang na-generate sa rate ng Net Surplus Compensation ng OCPA. Ang rate ng NSC ng OCPA para sa iyong sobrang generation (kWh) ay 10% mas malaki kaysa sa rate ng SCE noong Abril.
- Bilang bahagi ng serbisyo ng OCPA, walang magbabago sa mga taunang net na singil at credit kapag nanatili ka sa naka-bundle na serbisyo ng SCE. Ire-reimburse ng OCPA ang aming mga customer na naka-enroll sa NEM para sa mga singil sa kuryente na puwedeng nasagot ng true-up ng SCE bago sila sumali sa OCPA.

Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo, rate, o programa ng OCPA, bisitahin ang aming website sa OCPower.org/NEM o tumawag sa 1-866-2-OCPOWER (1-866-262-7693) at ikalulugod naming talakayin ang mga partikular mong pangangailangan.